# Lumilipat kami sa bagong electronics health records system

Simula sa ika-15 ng Hunyo 2024, lilipat ang Richmond Hospital at apat na lugar ng komunidad ng VCH mula sa mga mas lumang sistema at mga chart na nasa papel papunta sa isang electronic health records na sistema para mapahusay ang kaligtasan, kalidad at pagiging consistent ng pag-aalaga.



**Ang pagtuon namin ay patuloy sa pagbibigay ng kalidad na pag-aalaga sa iyo.**



## Kung bibisita ka sa ospital o klinika sa pagitan ng Hunyo at Agosto 2024:

- Maaaring makaranas ka ng antala sa mga serbisyo habang nasasanay kami sa bagong sistema
- Mangyaring dumating nang maaga para sa appointment mo para magpahintulot ng ekstrang oras para sa pagpaparehistro
- Salamat sa pasensiya mo sa panahong ito

## Ang ilang mga pagbabagong maaari mong makita:

- Mga nagsasanay na mga tagapaglaan ng pag-aalaga para matutunan ang bagong sistema
- Mga bagong aparato sa yunit, tulad ng mga computer na de-gulong
- Ekstrang pangsuportang kawani sa lugar



## Mga inaasahang benepisyo ng bagong sistema:

- Mga pangkat ng pag-aalagang may real-time na access sa impormasyong kailangan nila
- Mas maikling oras sa pag-ulit ng impormasyon o pagsasailalim sa mga dobleng test
- Mas ligtas na proseso sa pamamahala ng gamot
- Mas mabilis na access sa mga resulta sa laboratoryo at mga therapy ng paggamot



Para matuto pa tungkol sa bagong sistema, tanungin ang iyong tagapagbigay ng pag-aalaga o pumunta sa bit.ly/VCH-CSTInfo, kabilang ang impormasyon sa mga ibang wika.

Arabo | Pinasimpleng Tsino | Tradisyonal na Tsino | Farsi | Koreano | Punjabi | Espanyol | Vietnamese

Babaguhin ng proyektong Clinical & Systems Transformation (CST) ang mga sistema sa pag-aalaga ng kalusugan at mga proseso para mapabuti ang kaligtasan, kalidad at pagiging consistent ng pag-aalaga sa pasyente sa buong Vancouver Coastal Health, Provincial Health Services Authority at Providence Health Care.

CLINICAL + SYSTEMS TRANSFORMATION
Our path to smarter, seamless care

Vancouver CoastalHealth

TAG - VCH099A (05/24)